Sinuman ang umabot mula sa dasal na Subh ng isang tindig bago sumikat ang araw,ay tunay na inabutan niya ang dasal na Subh,at sinuman ang umabot ng isang tindig mula sa dasal na Asr bago lumubog ang araw,ay tunay na inabutan niya ang dasal na Asr

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya-Katotohanan ang Sugo ni Allag-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya: ((Sinuman ang umabot mula sa dasal na Subh ng isang tindig bago sumikat ang araw,ay tunay na inabutan niya ang dasal na Subh,at sinuman ang umabot ng isang tindig mula sa dasal na Asr bago lumubog ang araw,ay tunay na inabutan niya ang dasal na Asr))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapahayag ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa mga Ummah niya ang pinakahuling oras sa dalawang dasal na Subh at Asr,Ipinaalam niya na sinuman ang umabot ng isang tindig ibig sabihin ay nagdasal at umangat siya mula sa pagyuko sa pagdarasal ng Subh bago sumikat ang araw,Magkagayun siya ay umabot sa dasal na Subh na naisagawa niya dahil sa pagganap niya ng isang tindig sa [takdang] oras,At gayundin ang sinumang umabot ng isang tindig mula sa dasal na Asr bago lumubog ang araw,Magkagayun siya ay umabot sa dasal na Asr na naisagawa niya dahil sa pagganap niya ng isang tindig sa [takdang] oras.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10602